

Ang sinumang taong naniniwalang ibinukod siya mula sa pakikilahok o tinanggihan siya ng mga benepisyo ng mga programa, aktibidad, o serbisyo ng RTD dahil sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, ay maaaring maghain ng reklamo sa Titulo VI sa RTD.

Dapat ihain ang reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng ipinaparatang na diskriminasyon. Pinapahintulutan ng RTD ang paggamit ng kinatawan para maghain ng reklamo sa ngalan ng nagrereklamo. Ang lahat ng komunikasyon pagkatapos ng reklamo ay pangunahing ididirekta sa kinatawan ng nagrereklamo at sekundaryang ididirekta sa nagrereklamo.

Kapag naihain ang isang reklamo, susuriin ng RTD ang reklamo at tutukuyin kung mayroon kaming hurisdiksiyon. Makakatanggap ang kostumer ng sulat ng pagkilala na ipinapaalam sa kaniya kung iimbestigahan ng RTD ang reklamo sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo mula noong inihain ang reklamo. Maliban kung tinukoy ng RTD ang mas mahabang panahon, magkakaroon ang nagrereklamo ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa petsa ng sulat para ipadala ang hiniling na impormasyon sa imbestigador ng RTD na nakatalaga sa kaso.

Maaaring magkaroon ng panayam ang imbestigador sa sinumang indibidwal na pinangalanan bilang saksi at sinumang ibang indibidwal na maaaring may impormasyon. Kung kailangan ng higit pang impormasyon para lutasin ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang RTD sa nagrereklamo o saksi. Kung ang imbestigador ng RTD ay hindi tinawagan ng nagrereklamo o hindi nakatanggap ng karagdagang impormasyon sa loob ng kinakailangang timeline, maaaring isara ng RTD ang pangangasiwa sa kaso. Maaari ding isara ang pangangasiwa sa kaso kung ayaw nang ipagpatuloy ng nagrereklamo ang kaniyang kaso.

Sa pangkalahatan, kukumpleto ang RTD ng imbestigasyon sa loob ng animnapung (6) araw mula sa pagtanggap ng nakumpletong form ng reklamo. Bagaman nagsisikap ang RTD na agad na lutasin ang mga reklamo, mag-iiba ang prosesong ito depende sa pagiging komplikado ng reklamo, mga sangkot na indibidwal, at iba pang salik. Kapag natapos na ang imbestigasyon, makakatanggap ang nagrereklamo ng huling sulat ng tugon sa nagrereklamo.

Kung hindi sumasang-ayon ang nagrereklamo sa desisyon ng RTD, maaari siyang humiling ng muling pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa pamamagitan ng sulat sa Tagapamahala sa Pagiging Patas sa Transportasyon (Transit Equity Manager) ng RTD sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos ng petsa ng sulat ng RTD, na partikular na tinutukoy ang batayan para sa muling pagsasaalang-alang. Aabisuhan ng Tagapamahala sa Pagiging Patas sa Transportasyon ang nagrereklamo tungkol sa kanilang desisyong tanggapin o tanggihan ang kahilingan para sa muling pagsasaalang-alang sa loob ng sampung (10) araw. Sa mga kaso kung saan nagbigay ng muling pagsasaalang-alang, magbibigay ang Tagapamahala sa Pagiging Patas sa Transportasyon ng sulat ng desisyon sa nagrereklamo pagkatapos makumpleto ng pagsusuri sa muling pagsasaalang-alang.

# Title VI Form ng Reklamo



---

Ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 ay nagsasaad na “Walang sinuman sa Estados Unidos ang, sa batayan ng lahi, kulay o bansang pinagmulan, ay hindi isasama sa, pakikilahok sa, pagkakaitan ng mga benepisyo ng, o sasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal.”

Mangyaring ibigay ang sumusunod na impormasyong kinakailangan upang maproseso ang iyong reklamo. Ang tulong ay makukuha kapag hiniling. Kumpletuhin ang form na ito at ipadala o ipadala sa:

**Regional Transportation District, Transit Equity Office, 1660 Blake Street BLK-31, Denver, CO 80202.**  
Maaari kang makipag-ugnayan sa aming opisina Lunes-Biyernes mula 8-5 sa 303-299-6000, o maaari kang mag-email sa aming opisina sa [titlevicomplaints@rtd-denver.com](mailto:titlevicomplaints@rtd-denver.com).

---

1. Pangalan ng Nagrereklamo: \_\_\_\_\_
2. Address: \_\_\_\_\_
3. Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_
4. Numero ng Telepono (Tahanan): \_\_\_\_\_ (Negosyo): \_\_\_\_\_
5. Taong may diskriminasyon laban (kung maliban sa nagrereklamo)  
Pangalan: \_\_\_\_\_  
Address: \_\_\_\_\_  
Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_
6. Ano ang batayan ng diskriminasyon? (Lagyan ng check ang lahat ng naaangkop)  
 Lahi                       Kulay                       Bansang Pinagmulan
7. Petsa ng insidente na nagreresulta sa diskriminasyon: \_\_\_\_\_
8. Ilarawan kung paano ka nadiskrimina. Ano ang nangyari at sino ang may pananagutan? Para sa karagdagang espasyo, maglakip ng karagdagang mga sheet ng papel sa likod ng form.
9. Anong mga kinatawan ng RTD ang kasangkot?
10. Saan naganap ang insidente? Mangyaring magbigay ng lokasyon, numero ng bus, pangalan ng mga driver, atbp.

# Title VI Form ng Reklamo (pahina 2)



11. Mga saksi? Mangyaring ibigay ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Pangalan: \_\_\_\_\_  
Address: \_\_\_\_\_  
Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_  
Mga numero sa telepono: (Tahanan) \_\_\_\_\_ (Negosyo): \_\_\_\_\_  
Email: \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_  
Address: \_\_\_\_\_  
Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_  
Mga numero sa telepono: (Tahanan) \_\_\_\_\_ (Negosyo): \_\_\_\_\_  
Email: \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_  
Address: \_\_\_\_\_  
Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_  
Mga numero sa telepono: (Tahanan) \_\_\_\_\_ (Negosyo): \_\_\_\_\_  
Email: \_\_\_\_\_

12. Isinampa mo ba ang reklamong ito sa ibang pederal, estado, o lokal na ahensya; o sa korte ng pederal o estado?

(I-check ang naaangkop na espasyo) \_\_\_\_\_ Oo \_\_\_\_\_ Hindi

Kung oo ang sagot, i-check ang bawat reklamo ng ahensya na isinampa sa:

- |   |   |  |
|---|---|--|
| <input type="checkbox"/> Pederal na Ahensya | <input type="checkbox"/> Pederal na Hukuman | <input type="checkbox"/> Ahensya ng Estado |
| <input type="checkbox"/> Hukuman ng Estado  | <input type="checkbox"/> Lokal na Ahensya   | <input type="checkbox"/> Iba pa            |

13. Magbigay ng impormasyon ng contact person para sa ahensya kung saan ka nagsampa ng reklamo:

Pangalan: \_\_\_\_\_  
Address: \_\_\_\_\_  
Lungsod: \_\_\_\_\_ Estado: \_\_\_\_\_ Zip Code: \_\_\_\_\_  
Petsa ng Pag-file: \_\_\_\_\_

**Lagdaan ang reklamo sa espasyo sa ibaba. Maglakip ng anumang mga dokumentong pinaniniwalaan mong sumusuporta sa iyong reklamo.**

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Nagreklamo

\_\_\_\_\_  
Petsa ng Lagda